VOLUME 20 | ISSUE NO. 01 | ENERO HANGGANG HUNYO 2022

# JUAN ARMY

JUAN ARMY • Ang Opisyal na Lathalain ng Army Transformation Roadmap [ATR]



# 125 NA TAON NG HUKBONG KATIHAN NG PILIPINAS: KAPAYAPAAN PARA SA LAHAT

atr 2028

PGS Performance Governance System Institutionalized 2014

Islands of Good Governance 2015

2018




03 Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) sa Kabisayaan: Isang Tagumpay Laban sa Insurhensiya sa Makabagong Panahon




05 Pagsusumikap ng Tabak sa Pagbabagong Ganap Tungo sa Kapayapaang Hanap



08 Pinunong Heneral Bilang Pinunong Tagapaglingkod



10 552ECB: Paglalakbay Tungo sa Tunay na Pagbabago

# JUAN ARMY

JUAN ARMY • Ang Opisyal na Lathalain ng Army Transformation Roadmap [ATR]



## Editorial Board

COL RODRIGO P MAGALLANES MNSA (MI) PA
Chief, AGSMO
Chairperson

COL PATRICIO RUBEN E AMATA GSC (INF) PA
ACS of S, G7
Vice Chairperson

COL MARCES T GAYAT INF (GSC) PA
Deputy, Commander
CMOR

COL XERXES A TRINIDAD MNSA (INF) PA
Chief, OACPA
Member

MAJ EDUARDO O BENSON (INF) PA
Chief, Strategic Communication Branch, AGSMO
Secretary

## Editorial Staff

DIXIE JOY S FERNANDEZ
Editor-in-Chief

PAUL EPHRAIM C LOPEZ
Deputy-Editor-in-Chief

DIXIE JOY S FERNANDEZ
PAUL EPHRAIM C LOPEZ
Layout Editors

ZHARINA ANN B CERVALES
Publication Manager

MARIECRIS U MIGABON
Publicity Director

BENSON O GEMENTIZA
Circulation Manager


## *Mga pahina*


- Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) sa Kabisayaan: Isang Tagumpay Laban sa Insurhensiya sa Makabagong Panahon
- Ang 534ECB na Kaagapay sa Ika-Isang Daan at Dalawampu't Limang Taong Panunungkulan ng Hukbong Katihan ng Pilipinas
- Pagsusumikap ng Tabak sa Pagbabagong Ganap Tungo sa Kapayapaang Hanap
- Bulig Leyte: Bayanihan at Kapayapaan sa mga Nasalanta ng Bagyong Odette
- Pinunong Heneral Bilang Pinunong Tagapaglingkod
- Army Transformation Roadmap: Hiraya Manawari!
- 552ECB: Paglalakbay Tungo sa Tunay na Pagbabago
- Ligtas sa Kalinga ng Kalaban: Ang Paghahangad ng Kapayapaan


Sa muling pagdaos ng ika-syam na taon ng Army Transformation Roadmap patungo sa minimithing world-class Army ng 2028, ang inyong JUANARMY ay nanatili sa pagbibigay kaalaman at impormasyon sa mga makabuluhang hakbang ng ating hukbong sandatahan patungo sa maunland at mapayapang bayan. Sa kabila ng nagbabago at makabagong mga hamon, pagsubok, at panganib na ating kinakaharap sa nakaraang mga taon, patuloy ang bawat unit, opisina, indibidwal na kasapi ng Hukbo sa pagpanday ng tunay at mabuting pamamahala at serbisyo dulot ng Army Transformation Roadmap. Kung kaya't sa bawat mambabasa, patuloy nating ipahayag ang kwento bawat sundalong Pilipino, ang kwento ng tapat na pagbabago.


Ang JUANARMY ang opisyal na lathalain ng Army Transformation Roadmap (ATR) na nililimbag ng Headquarters, Philippine Army at pinangangasiwaan ng Army Governance and Strategy Management Office (AGSMO). Upang matugunan ang mga layunin ng ATR na pagtibayin ang ugnayan ng mga sundalo sa publiko; ipabatid ang imahe ng Philippine Army na nagpapakita ng karangalan, katapatan, at katungkulan; at maging isang propesyonal na Army na suportado ng tao, ang JUANARMY ay nagsisilbing instrumento sa paglimbag ng mga istorya, imahe, at komentaryong naglalarawan ng isang nagbabagong Philippine Army. Ngunit hindi lamang ninanais ng lathalaing ito ang paglaganap ang ATR. Sabay sa mga repormang naihahatid ng ATR sa organisasyon, layunin din ng JUANARMY na tumulong sa adbokasiya ng gobyernong ipanday ang tunay na pagbabago sa pamamahala.



# PAYAPA AT MASAGANANG PAMAYANAN (PAMANA) SA KABISAYAAN: ISANG TAGUMPAY LABAN SA INSURHENSIYA SA MAKABAGONG PANAHON

ng Visayas Builders, Office of the Brigade Governance and Strategy Management Office



Tunay na ang ating Hukbong Katihan ay patuloy na ginagampanan ang tungkulin tungo sa Army Transformation. Patunay nito, ang 53rd Engineer (VISAYAS BUILDERS) Brigade sa ilalim ng VISAYAS COMMAND ay isa sa mga ahensiya ng gobyerno na patuloy na nakiki-isa sa mga programa at adhikain ng pamahalaan na makamit ang pantuluyang kapayapaan sa bansa. Bilang pagtugon, ang naturang yunit ay nakiisa sa paglunsad at pagsagawa ng mga programang pangkapayapaan tulad ng pag suporta sa Payapa at Masaganang Pamayanan o mas kilala bilang PAMANA. Ang PAyapa at MAsaganang PAmayanan (PAMANA) ay inilunsad noong taong 2011 bilang isang pangunahing programa ng gobyerno patungo sa pagpapalaganap ng pangmatagalang kapayapaan sa bansa. Ito ay isang programa na kaugnay sa adhikain ng pambansang pamahalaan na "Whole Nation Approach" upang tuluyang wakasan ang pamumuno ng mga local na kumunista, ayon sa Executive Order 70, na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong taong 2018.

Bilang pagtugon, ang Visayas Builders katuwang ang ibang yunit at ahensiya ng gobyerno tulad ng Office of the Presidential Adviser on Peace Process (OPAPP), Armed Forces of the Philippines Peace and Development Office (AFPPDO), at ng Philippine National Police Peace Process and Development Office (PNP PPDC) ay isa sa namuno sa paglunsad n g





mga PAMANA projects para sa Peace at Development Site ng mga dating miyembro ng Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawa ng Pilipinas-Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPMP-RPA-ABB) na sa ngayon ay kinikilala na mga miyembro ng Kapatiran para sa Progresong Panlipunan (Brotherhood for Social Progress) sa buong kabisayaan. Isa sa mga proyektong nakapaloob dito ay ang pagsagawa ng mga need-based infrastructure tulad ng paggawa ng water systems, core shelters, farm-to-market roads, multi-purpose buildings, at peace centers. Dahil sa pakikipagtulungan, at sinseridad ng mga benepisyaryo, ito may maituturing na pinakamahusay ng pamamaraan. Ito ay maituturing na isang simbolo ng tunay na Army Transformation sa makabagong panahon para makamit ang tunay na kapayapaan at kaunlaran.

Noong taong 2021, hindi kukulang ng 460 na mga indibidwal ng San Miguel Tanjay, Negros Oriental, 560 na mga indibidwal ng Sitio Mambinay, Brgy Locotan, at 48 na pamilya na dating miyembro ng nasabing grupo sa Brgy Cabugaw, Ibajay, Aklan ang naka benepisyo at nakinabang sa mga mga nasabing proyekto. Sa kasalukuyan, ang 53rd Engineer Brigade ay patuloy na nangunguna sa pagtatayo ng mga Peace & Development Community (PDC) Sites – projects sa ilalim ng PAMANA para sa mga RPA/ABB/RPM-P/TPG.

Ilan sa mga proyektong ito ay ang Site Development of Core Shelters at pagtatayo ng 20 na yunit ng Single Detached 2-Bedrooms Core Shelters sa Sitio Ilan at Mambinay ng Barangay Locotan, Kabankalan City, Negros Occidental na may halagang 27.7 Milyong Piso. Gayundin, ilang kumpanya ng mga kawal-inhinyero ang patuloy na naipadala upang ipagpatuloy ang konstruksyon ng Site Development para sa pagtatayuan ng 16-units Single Detached 2-Bedroom Core Shelters sa Barangay San Miguel, Tanjay City, Negros Oriental na nagkakahalaga ng 16.4 Milyong Piso at gayundin sa Brgy. Rivera, Cabugao at San Jose, Ibajay, Aklan para sa Site Development ng mga itatayong Core Shelters at konstruksyon ng 16-Units Single Detached 2-Bedroom Core Shelters na nagkakahalaga ng 21 Milyong Piso.

Gayunpaman, ang pamahalaan at iba pang ahensiya ng gobyerno ay patuloy na nag kakaisa sa iisang adhikain at nagsusumikap na mahikayat ang mga ilegal na kilusan na tuluyan ng sumuko sa gobyerno at mamuhay ng tahimik tulad ng isang normal na mamamayan. Marami na ring mga benepisyaryo sa kilusan ang nagpahayag ng kanilang magandang saloobin at buong- pusong pasasalamat sa gobyerno sa patuloy na pagbibigay sa kanila ng maayos na pangkabuhayan at tahimik na pamumuhay. Sa pangkalahatan, ang 53rd Engineer Brigade ay patuloy na magiging kaagapay sa mga adhikain at adbokasiya ng pamahalaan tungo sa pagkamit ng kaunlaran at kapayapaan, hindi lang sa kabisayaan, kundi sa buong bansa.





# PAGSUSUMIKAP NG TABAK SA PAGBABAGONG GANAP TUNGO SA KAPAYAPAANG HANAP

ni 1LT WELL JEAN N DAGOHOY (FS) PA

Gabay ang pananaw ng Hukbong Katihan na maging "World Class Army" sa taong 2028, ang 1st Infantry (TABAK) Division ay naniniwala na kailangan nating magkaroon ng tunay na pagbabago na naaayon sa magandang pamamalakad at maayos na pagtupad sa mga tungkulin ng sa gayon ay ating makamtan ang kaunlaran at kapayapaang matagal ng inaasam. Upang maisakatuparan ang pananaw na ito, nararapat lamang na magkaroon tayo ng pangkalahatang pagbabago. Bakit nga ba kailangan ang tunay na pagbabago? Kailangan natin ang tunay na pagbabago upang maisakatuparan natin ang ating mga adhikain at magampanan ang ating mga tungkulin ng maayos at epektibo lalung-lalo na sa usaping pangkapayapaan. Sa pagbabagong ito nakasalalay ang kaunlaran at kapayapaan ng bawat sundalo at mamamayan. Ito ay hindi lang isang simpleng pangyayari ngunit isang seryosong paglalakbay at proseso tungo sa isang malaking pagbabago na magkakaroon ng mabuti at magandang resulta hindi lamang sa bawat sundalo at sa kabuuhang organisasyon kundi pati na din mamamayang nasasakupan nito. Ang paglalakbay na ito tungo sa pagbabago ay isa ding paglalayag lulan sa pagpapanatili at implementasyon ng "Army Transformation Roadmap" bilang isa sa mga rason upang mapabilis na makamtan natin ang hanap na kapayapaan. Ang Tabak ay tunay ngang nagsumikap upang marating ang pinakamataas na antas sa "Army Governance Pathway", ito ay ang Institutionalized Stage.





Sa pagtahak ng landas tungo sa pagbabago upang makatulong sa pag-abot ng pangkalahatang kapayapaan, ang Tabak ay nagsimula sa pagtatag at pagkakaroon nito ng "Governance and Strategy Management Office" noong taong 2014. Ito ang nagsilbing tagapangasiwa at tagapamahala sa pagpapatupad ng mga bagay ukol sa Army Transformation Roadmap. Sa pagsusumikap na magkaroon ng tunay na pagbabago, ito ay nabigyan ng pagkilala sa Army Governance Pathway (AGP) "Initiated Stage" noong ika-14 ng Hulyo 2014. Nagpatuloy ang pagbabagong ito hanggang sa makuha ang Compliant Stage noong ika-5 ng Mayo 2015 at AGP Proficient Stage noong ika-20 ng Marso 2016.



Ang pag-aaplay sa AGP Institutionalized Stage ay nakatakda sana noong 2017 ngunit nagkaroon ng hindi inaasahang pangyayari sa nasasakupang lugar ng 1ID. Ang pangyayaring ito ay naging masalimuot kung saan ang 1st Infantry (TABAK) Division ay naharap sa paglutas ng isa sa pinakamahahabang gyera na naitala sa istorya ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas, ito ay ang "Marawi Siege" kung saan maraming mga tropa ng Tabak at iba pang mga sundalo at pulis ang nagbuwis ng buhay upang makamtang muli ang kapayapaan. Habang patuloy ang pakikipaglaban ng tropa ng tabak sa gyera sa Marawi patuloy din ang pakikidigma nito laban sa iba pang mga rebelde at CPP/NPA/NDF sa ibang lugar na nasasakupan nito upang masupil at matigil na ang mga walang humpay na kalupitan na ginagawa ng makakaliwang grupo. Pagkatapos ng gyera, pansamantala na nagpokus muna ang 1ID sa "Recovery and Rehabilatation" ng Marawi at ipinagpatuloy din nito ang kanyang misyon sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaunlaran sa lugar. Dahil sa hindi inaasahang pangyayaring ito ay naantala muna ang pag-aaplay ng Tabak tungo sa AGP Institutionalized Stage. Ngunit ang pagkaantala ay hindi tuluyang pagkatigil, datapwat ito ay pansamantalang paghinto lamang at tuloy na tuloy pa din ang aming pakikibaka tungo sa tunay na pagbabago. Sa kabila ng pagsubok na kinaharap ng Tabak, patuloy pa din ang pagsusumikap nito sa pagbabagong hinaharap upang matamasa ang kapayapaang hanap. Patuloy itong tumayo at bumangon pagkatapos ng Marawi Siege. Gayundin ay ipinagpatuloy ang pag-aaplay sa Institutionalized Stage sa taong 2021.

Sa kagustuhang makamtan ang tunay na pagbabago at maipagpatuloy ang adhikain at pananaw ng 1ID upang magkaroon ng tunay at pangmatagalang kapayapaan, si MGEN GENEROSO M



PONIO, Commander ng 1ID, ay naglatag ng kanyang intensyon at prayoridad upang maituloy ang naantalang pag-aaplay sa Institutionalized Stage pati na din ang pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan. Ang pagsuporta ng pinuno ng Tabak upang mapatupad ang ATR sa buong dibisyon ay tunay na makikita at mararamdaman sa maraming paraan lalung-lalo na sa pag-aaplay sa AGP Institutionalization Stage at sa pagpapatupad ng programa ukol sa kaunlaran at kapayapaan sa 1ID AOR.



“Nagsisimula sa pamumuno ang pag-asa ng Tabak upang makamtan ang tunay na pagbabago at maramdaman ang kapayapaan at kaunlaran sa aming nasasakupan.



Kailangan ng wastong patnubay, suporta at higit na atensyon para maramdaman ng lahat ang kapayapaan at pagbabagong ganap mula sa pinakataas na namumuno hanggang sa pinakamababang sundalo. Kailangan natin lahat na magkaisa at magtulongan para dito. Naniniwala ako na ang pinakamabuting gawin ay isapuso at isabuhay ang ATR ng sa gayon ay makamit ang tagumpay tungo sa pangmatagalang kapayapaan at tunay na pagbabago.” sabi ni MGEN PONIO, pinuno ng 1ID.

Upang maramdaman ang tunay na pagbabago at makamit ang layuning pangkalahatang kapayapaan sa buong Tabak, unti-unti nitong sinaliksik at inalam ang ilan sa mga problema, gaps at mga isyu na kinakaharap nito. Inalam din nito ang mga posibleng solusyon sa mga nasabing mga problema at mga isyu. Naglatag at gumawa din ang 1ID ng mga hindi pagkaraniwang solusyon o ang sinasabing “out of the box solution” na posibleng makapagbibigay ng kalutasan sa mga nasabing problema. Ito ang naging dahilan upang maisaayos ng 1ID ang Scorecard nito. Dahil dito ay nabigyan ng tamang gabay at mataas na pang-unawa ang mga tropa ng Tabak kung paano maisasakatuparan at maisabuhay ang 1ID Transformation Roadmap. Ang 1ID Scorecard ay naglalaman ng Charter Statement, Strategy Map at Performance Scorecard kung saan ang mga brigades at battalions na sakop nito ay kinakailangang mag-align sa kanilang mga adhikain, mga programa at mga proyekto. Dahil dito, ang mga tauhan nito ay nagkaroon ng malalim na kaalaman at maayos nilang naisakatuparan ang kanilang mga gawain.






Sunud-sunod ang mga pagtuturo sa mga tropa upang lubusan nilang maunawaan at maisapuso ang tungkol sa ATR. Ang Tabak ay nakapaglathala rin ng iba't-ibang pahayagan upang maipakita ang paglalakbay nito tungo sa tunay na pagbabago at maipakita ang pakikibaka nito sa pagharap ng tunay na pagbabago sa buong dibisyon kasabay ng pagpapatupad ng mga programa ukol sa usaping pangkapayapaan. Nakalatag din dito ang mga ginagawang pagsisikap ng bawat yunit ng 1ID sa pagpapanatili ng kapayapaang sa buong nasasakupan nito.

Dagdag dito, nagkaroon din ng malaking pagbabago sa sistema at may mga napili din na mga “Best Practices”. Ang mga “Best Practices” na ito ay isinabuhay ng Tabak upang mabigyan ng sulosyon ang mga problema at makagawa ng mga mahahalagang kaganapan para sa mga minimithi na resulta sa tatlong (3) Breakthrough Goals (Readiness, Mission Accomplishment at Chosen Respective).

Sa Readiness


Ang unang BTG ng 1ID ay Pataasin ang Personnel Readiness. Alam ng 1ID na isa sa mga problemang kinakaharap nito ay ang kakulangan ng mga tauhan gayun din sa mga kaukulang mga kasanayan o abilidad na naayon sa dapat na posisyon. Nais ng Tabak na magkaroon ito ng sapat na tauhan at magkaroon ng mataas na kasanayan ang lahat ng tropa upang mapataas ang Personnel Readiness. Ang problemang ito ay unti-unting nabigyan ng linaw dahil sa pagpapatupad at pagpapatibay ng best practices. Ito ay ang “Rationalization Workshop” na ginagawa kada tatlong (3) buwan kung saan ay binabalanse ang dami o bilang ng mga tauhan sa bawat unit at inilalagay ang mga tao sa angkop na posisyon kung saan sila ay may kasanayan o kaalaman. Isa din sa mga layunin ng workshop na ito ay ang pagkilala at pagpili din ang mga tauhan na nangangailangan ng tamang ranggo at kasanayan para sa kasalukuyang posisyon nito sa unit at ang mga napiling tao ay inirerekomenda na sumailalim sa tamang pagsasanay at maging sa promosyon. Dahil dito, marami ang nabigyan ng pagkakataon na maisama sa mas mataas na ranggo, marami ang naipadala sa mga schooling. Dahil dito ramdam ng bawat tropa ang pagkakaroon ng patas na pagtrato sa bawat isa at ito nakapagpataas hindi lamang ng personnel readiness ng 1ID gayundin ang kanilang motibasyon at dedikasyon sa trabaho at responsibilidad.

Sa Mission Accomplishment

Ang pangalawang BTG ng 1ID ay Pataasin ang Convergence Efforts to Key Stakeholders. Hangarin ng 1ID na wakasan ang terorismo at manalo sa gyera hindi lamang sa pamamagitan ng combat operation kundi pati na rin sa pagpapalakas at pagpapatibay ng maayos na pakikisama at pakikitungo sa mga pangunahing stakeholders at pakikisalamuha sa ibat ibang ahensiya bilang parte sa pagpapatupad ng seguridad at kapayapaan. Naabot nito ang itinakdang target para dito at sa katunayan nga ay lumampas pa ito sa 100%.

Dahil sa pakikilahok at pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno nagkaroon ng mga proyekto at programa

| Nr of Convergence Effort with Stakeholders | | | |
|---|---|---|---|
| PERIOD COVERED | TARGET | ACTUAL | ACCOMPLISMENT RATE |
| CY 2017 (Baseline) | 67% | - | - |
| CY 2018 | 75 | 75 | 100% |
| CY 2019 | 80 | 155 | 194% |
| CY 2020 | 85 | 195 | 229% |




para makatulong na makamit ang seguridad at kapayapaan sa AOR ng Tabak. Ito ay nagbigay daan sa mga Livelihood Programs sa mga former rebels na bumalik na sa pamahalaan. Ang 1ID sa pamamagitan ng kanyang brigade ay nakapagbuo ng Inter-Agency Task Force na nakatutok sa pamamahala sa mga sumusukong Violent extremists Nagkaroon ang 1ID ng Integration Program para sa mga Former Violent Extremists (FVEs) kung saan ang ibat ibang ahensiya ng pamahalaan ay nabigyan ng mga seminars at training kasama na ang mga sundalo kung paano matutugunan at maaksyunan ng mabilis ang pagbabalik loob ng mga FVEs.

Dahil sa programang ito, nagkaroon ng mga iba't-ibang proyekto tulad ng pagsasaayos at paggawa ng irigasyon. Ito ay naging malaking tulong sa kanilang pagsasaka. Meron ding mga negosyong pinagkaloob para sa mga former violent extremist na higit na nakatulong sa kanilang pagbabalik loob sa gobyerno.






Sa patuloy at matagumpay na mga programa ng 1ID, lalo pang lumawak ang kanilang koordinasyon at pakikisalamuha sa mga stakeholders na nagkaroon ng magandang resulta. Patunay dito ang pagtaas at paglobo ng bilang ng mga sumusuko at nagbabalik loob sa pamahalaan na syang tunay na nagpahina sa pwersa ng mga kalaban

Sa Chosen Perspective

| YEAR | NR OF SURRENDEREES |
|---|---|
| 2018 | 249 |
| 2019 | 183 |
| 2020 | 162 |
| TOTAL | 594 |

Ang pangatlong BTG ng 1ID ay pataasin ang **Budget Obligation Rate**. Tinitingnan ng 1ID ang tamang mekanismo sa maayos na pamamalakad ng pondo alinsunod sa iba't-ibang patakaran at direktiba. Sinusunod nito ang nararapat na proseso at alituntunin upang magamit ng maayos at mapabilis ang pagkuha ng mga pondong kailangang gamitin. Ang Budget Obligation Rate ng 1ID ay tumaas at umabot ito ng 100%.

Ang tagumpay na ito ay dahil sa pagkakaroon nila ng **Weekly Procurement Meeting** na dinadaluhan ng lahat ng mga Procurement NCOs ng buong dibisyon. Dito pinapakita ng bawat Procurement NCOs ang report nila ng Obligation Rate sa loob ng isang linggo. Sa pagpupulong din na ito nabibigyan diin ang mga status ng Obligation Rate ng bawat unit at mahigpit din na nasusubaybayan hindi lang ang obligation rate ng bawat unit higit sa lahat ang unobligated na pondo at ang mga status ng Fund Accountable Officers para maaksyunan agad. Ang mga Procurement NCOs ay nagbibigay din ng mga puna sa mga ginawa nilang aksyon sa mga problemang kinaharap nila noong nakaraang pagpupulong at kanila itong ibinabahagi sa lahat. Kanilang pinapaliwanag kung meron man ang kanilang pagkukulang sa transaksyong pinansyal noong nakaraang linggo at ang MFO ay nagbibigay na ng kaukulang pagwawasto sa mga pagkukulang nila upang hindi na ito maulit pa at sundin ng ibang unit. At saka kasabay ng pagpupulong na ito ay binibigyan din nila ng certificates at token ang mga Procurement NCO na nakagawa ng 100% obligation rate sa linggong iyon. Ang inisyatiba na ito ay nagbigay daan upang mas lalo pang pag-igihan ng bawat unit na isaayos ang kanilang wastong paggamit ng pondo. Sa pangkalahatan, ang tabak ay nasisigurado nito na ang pondo ay nagagamit ng maayos at walang anumang iregularidad na nangyayari. Ito ay isa sa mga naging susi ng tagumpay ng bawat unit at nakapag-ambag sa pagkalahatang tagumpay ng Tabak lalo na nung magkasunod na taon na nanguna ang Tabak sa lahat ng PAMUs sa Inspection General Philippine Army.

Ang 1st Infantry (TABAK) Division sa kagustuhang magkaroon ng tunay na pagbabago ay nag-aplay ito para sa AGP Institutionalized Stage noong 4th Quarter ng 2020 at pagkalipas ng mahabang proseso ay matagumpay nitong nakuha ang Institutionalized Stage noong 30 April 2021 kung saan ito ay nakakuha ng Gold Trailblazer Award sa rating na 95.78%.

Ang paglalakbay ng Tabak tungo sa tunay na pagbabago ay hindi nagtatapos sa matagumpay na pagkamit nito ng AGP Institutionalized Stage. Ang tabak ay buong pusong pinagmamalaki na magpapatuloy ito sa mga susunod na yugto ng pagbabago para mas lalo pang mapahusay ang organisasyon at lumikha't gumawa pa ng makabagong pamamaraan upang maisabuhay ang Army Transformation Roadmap ng sa gayon ay magkaroon ng maayos at mabuting pamamahala at higit sa lahat makatulong sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan. Sa ngayon kasalukuyang pinaghahandaan ng Tabak ang itinakdang Re-Certification Stage sa susunod na taon.

Sa araw-araw na pakikibaka ng Tabak para sa kaayusan at seguridad ng kanyang nasasakupan at sa patuloy na pakikipaglaban sa mga makakaliwang grupo at myembro nito, maraming mga bagay na isinaalang-alang upang mapagtagumpayan ang hinahangad na kapayapaan. Kaakibat man nito ay mga pagsubok, taas noo pa ding pinagmamalaki ng Tabak ang pagiging matatag at tapat sa serbisyo. Mula sa pagsulong ng ATR upang tiyakin na maramdaman ng bawat sundalo at mga mamamayan ang tunay na pagbabago at pagpapanatili ng maayos na kaayusan sa sistema at proseso nito. Naniniwala ang tabak na gamit ang mga hakbang sa pagpapatupad ng ATR makakamit ang kapayapaang inaasam. Kapayapaang ramdam ng bawat mamamayan upang makatulong sa pag-unlad ng ating bayan.

Sa pagtatapos, ang Tabak bilang isa ng ganap na Institutionalized na organisasyon ay isasabuhay ang pagiging propesyonal na sundalo na may mataas na kasanayan at abilidad, tapat at handang gawin ang lahat sa abot ng makakaya upang pahalagahan ang kapwa at ang karapatan nito, mas patitibayin pa ang pagtupad ng tungkulin para protektahan ang mga tao at walang takot na haharapin ang mga pagsubok na darating para sa kapayapaan at seguridad ng bayan. Ipagpapatuloy din ng Tabak ang malalim na pakikisalamuha sa mga stakeholders, talunin at gapiin ang mga kalaban sa pamamagitan ng patuloy na pagsasagawa ng Focus Military Operation, maayos at epektibong paghawak at pamamahala ng kaban ng bayan habang pursigidong ipinatutupad ang ATR. Lahat ng ito ay magiging daan sa pagsulong ng kaunlaran at pagkakaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.



# Pinunong Heneral Bilang Pinunong Tagapaglingkod

By Pvt Adriel M Paglinawan, Office of the Army Chief of Public Affairs

Inilatag ni Lt. Gen. Romeo S. Brawner Jr., ang kanyang patnubay nang siya ay maitalaga bilang ika-65 pinunong heneral ng Hukbong Katihan ng Pilipinas noong ika-10 ng Disyembre, 2021.

Sa kanyang unang patnubay bilang pinuno ng Hukbong Katihan, inilahad ni Lt. Gen. Brawner ang kanyang mga planong nakapaloob sa "SERVE": pagtiyak sa pampisikal at pangkaisipan na kalusugan ng mga sundalo (Soldier); paglinang sa kakayanan ng sundalo at kakayahan ng mga yunit (Enhance); paglaan ng sapat na kagamitan at suporta sa mga yunit (Resources); tagumpay laban sa mga armadong grupo at kalaban ng estado (Victory); at pagsiguro sa maayos at mapayapang pambansa at lokal na eleksyon sa darating na ika-9 ng Mayo, 2022 (Elections).

**I.Sundalo, Pinakamahalagang Bahagi ng Hukbong Katihan**

Isa sa mga pangunahing programa ni Lt. Gen. Brawner ang pagtiyak sa kalusugang pampisikal at pangkaisipan ng mga sundalo, maging ng kanilang mga pamilya. Upang matiyak ang kalusugan at kahandaan ng mga sundalo sa pag-ganap ng kanilang mga tungkulin, inilatag ni Lt. Gen. Brawner ang kanyang plano upang pagandahin ang mga pagamutan ng Hukbong Katihan. Ayon sa Punong Heneral, ang mga modernong pagamutan ay makapagbibigay ng mas mainam na serbisyong medikal sa mga sundalo at kanilang mga panilya. Iniatas din niya ang pagbabalik ng Physical Fitness Test (PFT) upang masiguro ang kahandaang pisikal ng kasundaluhan.

Upang matiyak ang kalusugang pangkaisipan ng kasundaluhan, naglunsad ang Army General Hospital, Office of the Army Chief Surgeon, Office of the Army Chief Nurse, Office of the Army Gender and Development, at Office of the Assistant Chief of Staff for Personnel ng komprehensibong mga katulad ng psychotherapy, mga leksyon ukol sa pagkontrol ng stress, trauma counseling, at behavioural cognitive therapy.
Ipinangako rin ng Pinunong Heneral ang pagpapalakas ng Army reserve force na katuwang ng mga aktibong sundalo sa iba't ibang misyon tulad ng pagtulong sa mga nasalanta ng kalamidad at iba pang sakuna.

Inilatag din ni Lt. Gen. Brawner ang mga programang tututok sa kapakanan ng mga sundalo mula pagpasok sa serbisyo hanggang sa panahon na sila ay magretiro. Ang Hukbong Katihan, sa pangunguna ng Army Personnel Management Center, ay patuloy na pinalalawig ang Transition Assistance Program na makatutulong sa mga retiradong sundalo sa kanilang pagbabalik sa buhay sibilyan.

Upang harapin ang mga hamong hatid ng kasalukuyang pandemya, itinakda ng pamunuan ang pagbabakuna sa lahat ng sundalo at sibilyang kawani ng Hukbong Katihan. Upang mapangalagaan ang mga batang anak ng sundalo at bilang tugon sa direktiba ng pamahalaan sa pagpapalawig sa pagbabakuna kontra Covid-19, inilunsad ng Army General Hospital at iba pang pagamutang pinangangasiwaan ng Hukbong Katihan ang pagbabakuna sa mga batang edad lima hanggang labingisa.

Pakikipagtulungan sa Estados Unidos
Ang Hukbong Katihan ng Pilipinas ay may layong pag-ibayuhin ang nasimulan niyang ugnayan sa sandatahang lakas ng Estados Unidos. Nakalatag ngayong taon ang tatlong malawakang pagsasanay na lalahukan ng mga Filipino at Amerikanong sundalo: Balikatan, Salaknib, at Balance-Piston Exercises.

Ipinahayag ni Gen. Charles A. Flynn, punong heneral ng United States Army Pacific (USARPAC), kay Lt. Gen. Brawner ang kahandaan ng USARPAC na tulungan ang Hukbong Katihan sa pagpapalakas ng Army Aviation Regiment at 1st Brigade Combat Team, ang pangunahing combined arms unit ng Hukbong Katihan.

**II.Paglilinang sa kasanayan ng sundalo at kakayanan ng mga yunit (Enhance)**

Isa rin sa mga pangunahing programa ni Lt. Gen. Brawner ang patuloy na paglinang sa kasanayan ng mga sundalo at kakayahan ng mga yunit. Ang programang ito ay nakaangkla sa pagsasanay, pagkakaloob ng mga kinakailangang kagamitan, pagpapaunlad ng mga pasilidad sa mga kampo, at patuloy na modernisasyon ng hukbo.

Ang AFP Modernization Program, na nakabatay sa Republic Act 7898 (1995 AFP Modernization Act) at Republic Act 10349 (Revised AFP Modernization Act), ay patuloy na umuusad sa ilalim ng pamumuno ni Lt. Gen. Brawner.

Kaugnay dito ang mga natanggap ng Hukbong Katihan ng Pilipinas na mga bagong asset na magpapalakas




sa kakayahan nito sa pagtatanggol sa teritoryo ng bansa. Labinlimang armored mortar carrier at labindalawang yunit ng self-propelled howitzers ang isinasaayos na tanggapin ng Army Technical Inspection Acceptance Committee mula Israel noong huling bahagi ng 2021.

Ang Hukbong Katihan ay nakatakda ring tumanggap ng rocket system, armored recovery vehicles, support vehicles, tactical radios, ground mobility equipment (light, medium, heavy) individual weapons, crew-served weapons, at night fighting equipment sa ilalim ng RAFPMP Horizon 2.

Ang Hukbong Katihan naman ay nagmungkahi ng 36 na proyekto na nakabatay sa PA Operating Concept at naka-ayon sa game-changer priority projects ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas sa ilalim naman ng RAFPMP Horizon 3. Ang mga nakalatag na proyekto ay naglalayong palakasin ang kakayahan ng Hukbong Katihan sa Cyber Security, Counter-Swarm, at Electronic Warfare Capabilities.

Ang iba't ibang ahensya ng gobyerno ay naging kabahagi rin ng Hukbong Katihan sa pagpapaunlad ng mga pasilidad sa mga kampo. Ang DND at DPWH, sa pamamagitan ng programang Tatag ng Imprastraktura para sa Kapayapaan at Seguridad (TIKAS) at ang Bases Conversion and Development Authority (BCDA) ay nakapagpatayo ng mga modernong gusali at pasilidad sa iba't ibang kampo sa buong bansa.

Mahusay na Pamamahala at Pangangasiwa

Pinangungunahan ni Lt. Gen. Brawner ang pag-gawad ng Army Governance Pathway (AGP) Awards sa mga karapat-dapat na yunit at opisina bilang pagkilala sa kanilang dedikasyong makibahagi sa pagkamit ng Hukbong Katihan sa layunin nitong maging "world-class Army" na maipagmamalaki ng sambayanang Filipino sa taong 2028.

Ang AGP ay nahahati sa apat na yugto; Initiated, Compliant, Proficient, at Institutionalized. Ito ay naglalayong kilalanin ang mga huwarang unit at opisina at gawing institusyonal ang Army Transformation Roadmap sa organisasyon.

**III. Paglalaan ng Sapat na Kagamitan at Suporta sa mga Yunit (Resources)**

Nangako si Lt. Gen. Brawner na ibaba sa mga yunit ang kinakailangang gamit at suporta upang sila ay higit na palakasin sa pagsasakatuparan ng kanilang misyon.

Ang pamunuan ng Hukbong Katihan ay nagbaba ng pondo na kinakailangan sa pagbili ng mga kagamitang kinakailangan sa misyon at upang mapanatili ang pinaigting na tempong operasyonal ng mga yunit.

Ang pamunuan ng Army ay naglaan rin ng pondo para sa 170 very small aperture terminal (VSAT) mula Enero 2021 hanggang Pebrero 2022. Ang nasabing inisyatibo ay naghatid ng maaasahang koneksyon sa pagitan ng headquarters at malalayong detachment at patrol bases.

**IV.Tagumpay Laban sa Communist Terrorist Groups at Local Terrorist Groups (Victory)**

Binigyang –diin ni Lt. Gen. Brawner na magiging matagumpay ang Hukbong Katihan sa kampanya upang sugpuin ang mga kalaban ng estado dahil sa tatlong nasabing programa.

Sa kanyang pagbisita sa mga Philippine Army Major Units (PAMUs) sa buong bansa, pinaalalahanan ni Lt. Gen. Brawner ang mga sundalo patungkol sa layon ng Pangulo at Commander-in-Chief Rodrigo Roa Duterte na wakasan ang insurhensya bago matapos ang kanyang termino sa Hunyo 2022.



# 552ECB:

# PAGLALAKBAY TUNGO SA TUNAY NA PAGBABAGO

ni LTC MARVIN B DOMINGO CE (GSC) PA



Ang pagbabagong hinahangad ay hindi nagaganap ng madalian at isang iglap lamang. Nangangailan ito ng isang masusing pag-aaral, paglalaan ng oras at pagpupunyagi upang makamit ang inaasam. Isang matatag na layunin kaakibat ng mga napagkasunduang pamamaraan ang kailangan upang maisakatuparan ang minimithing pagbabago. Ng dahil dito, nagsimula ang kwento ng pagbabago at pag-unlad ng 552nd Engineer Construction Battalion. Dumaan ang batalyon sa isang masusing pag-aaral at mapaghamong paglalakbay patungo sa Army Governance Pathway simula noong taong 2016 hanggang sa naging institusyunal ito noong taong 2021. Upang makamit ang mga layunin, humubog ang batalyon ng mga mahuhusay na pamamaraan na naaayon sa Brigade's Roadmap at naka-angkla katulad ng karamihan sa Army Transformation Roadmap. Layunin ng batalyon na bigyang diin ang isinasagawang reporma, paghasa sa kakayanan ng kasundaluhan, pagpapahusay ng organisasyon upang magampanan ang mandato nito at maisakatuparan ang itinakdang mithiin. Ito ay nagawa sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagpupulong at konsultasyon katuwang ang ibat-ibang ahensiya ng gobyerno.

Taong 2016 buwan ng Hulyo, pinagkalooban ang batalyon ng Army Governance Pathway (AGP) "Initiated status" at naging "Compliant" noong Disyembre 2016 hanggang sa nakuha nito ang "Proficient status with Gold Trailblazer Award" noong Mayo 2018. Ito ay isang konkretong patunay ng komitment at dedikasyon na magbago at paunlarin ang kakayahan ng mga sundalo upang makamit ang mga inilatag na layunin ng batalyon. Ngunit ang paglalakabay ay nagsisimula pa lamang. Kailangang mapatunayan ng batalyon na ang kanyang mga nailatag na layunin at pamamaraan ay matutupad, magbubunga ng maganda, at makakabuti sa mga kliyenteng nararapat na tulungan at pagsilbihan. Dahil ito ang pinakakonkretong patunay upang makamit ang "Institutionalized stage", sinikap ng batalyon na pag ibayuhin pa ang makabagong prosesong administratibo, mga programa, plano at aktibidad na batay sa minimithing layunin.

Habang abala ang batalyon sa mga programa sa pagkamit ng minimithing layunin, nadagdagan pa ito ng mga hamon ng nararanasang pandemya sa COVID-19. Ito ay isang hamon na nagkaroon ng malaking epekto sa mga programa, plano at aktibidad na nailatag bago ang pandemya. Subalit ang batalyon ay lalong napagtibay at nakapag-isip ng mga bagong initiatibo na pagandahin pa lalo ang mga layunin habang sumusunod sa "minimum health protocols" mula sa nakakataas na sangay ng gobyerno.

Alinsunod sa makabagong pamamaraan at sa pamamagitan ng Video Teleconferencing, ang pinuno ng 552nd Engineer Construction Battalion na si LTC MARVIN B DOMINGO CE (GSC) PA ay humarap sa Army Governance and Strategy Management Office (AGSMO) at Army Strategy Management Committee (ASMC) upang ipakita ang mga "Breakthrough Goals" at "Best Practices" ng batalyon na siyang nagbigay daan upang makamit ang mga "Breakthrough Results" na nakalatag sa "Strategy Map". Nasa talahanayan sa baba ang mga "Breakthrough Results" na inihain ng batalyon sa ASMC:batalyon sa ASMC:

| STRATEGIC PERSPECTIVES | PERFORMANCE MEASURES | | 2018 | | 2019 | | 2020 | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Target | Actual | Target | Actual | Target | Actual |
| IMPACT | Operational REDCON | Maintenance | 99% | 93% | 99% | 99% | 99% | 99% |
| STRATEGIC FOCUS | Number of Engineer Construction Company with R1 Status (Personnel, Maintenance, and Training aspect | | 1 | 1 | 2 | 2 | 2 | 2 |
| SUPPORT PROCESS | Percentage of Personnel Meted with Less Grave and Grave Penalties | | 0% | 1.7% | 0% | 0% | 0% | 0% |

Ang pangalawang online audit na isinagawa ng ASMC ay tumutok sa mga gawaing nakaayon sa "Performance-Based Governance" na angkop at isinasagawa ng batalyon sa kanyang araw araw na programa at gawain. Inihain ng ATR officer ng batalyon na si MAJ LARRY JOHN SOLOMON ang mga gawain ng batalyon na naaayon sa mga pangangailangan na nakapaloob sa "Hallmarks of Institutionalized Status". Nakapaloob dito ang pagsasama-sama ng mga umiiral na sistema at proseso na ginagamit ng batalyon sa kanyang pang araw araw na gawain at mga resulta ng estratehiyang ipinapatupad. Sa Revalida Panel na pinangungunahan ni COL MAXIMINO G ALMUETE JR CE (GSC) PA, Deputy Commander, 53rd Engineer Brigade, PA at COL DAVIE CHRISTOPHER G MERCADO GSC (INF) PA, Ex-O, G2, HPA/ASMC, inihayag ng batalyon ang matagumpay nitong pagkamit ng mga layunin at pagbabago sa pamamagitan ng Army Transformation Roadmap (ATR).

Noong ika-15 ng Setyembre 2021, nakamit ng batalyon ang "AGP Institutionalized status with Gold Trail Blazer Award" na iginawad ng butihing Commanding General ng Hukbong Katihan ng Pilipinas na si LTGEN ANDRES C CENTINO PA. Ang tagumpay na ito ay nagpapahiwatig ng dedikasyon ng 552nd Engineer "Eager Beaver" Construction Battalion sa layunin ng tunay at taos-pusong pagbabago tungo sa pagiging "World-class Army". Sa susunod na mga taon, layunin ng batalyon na lalong paigtingin at ipagpatuloy ang mga repormang kinakailangan, at mas paghusayin ang organisasyon upang magampanan ang kanyang mandato at maisakatuparan ang itinakdang mithiin ng Philippine Army.



# Ang 534ECB na Kaagapay sa Ika-Isang Daan at Dalawampu't Limang Taong Panunungkulan ng Hukbong Katihan ng Pilipinas

Ni Msg Edgar P Oga Hkp

Sa kasalukuyan, ang 534th Engineer Construction Battalion, 52nd Engineer Brigade, PA, ay ang natatanging Kawal Inhinyero na nakadestino sa dakong silanganan ng Mindanao, at kaisa sa mga pagpupunyaging maitaguyod ang matayog na pangarap para sa pangkalahatang kapayapaan at kaayusan sa mga probinsiya ng Davao Del Norte, Davao Oriental, Davao De Oro at maging sa siyudad ng Davao. Kasabay ng mga programang dulot ay kabuuang pagbabago sa Hukbong Katihan Ng Pilipinas sa ilalim ng Army Transformation Roadmap (ATR), ay ipinapaabot ng nasabing yunit ang kanyang walang humpay na serbisyong marangal at may kalidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga iba't ibang Inhinerong pagsuporta at paggawa na kinapapalooban ng mga uri ng proyektong ang layunin ay maipaabot at maiparating ang mga pangunahing serbisyo at pampublikong gawain para sa sambayanang lokal, hanggang sa dulo at sa pinakamalayong nayon o sitio sa loob ng nasasakupan ng yunit na ito.

Hindi maisasakatuparan ng 534th Engineer Construction "Pacesetter" Battalion ang mga gawain at layuning nabanggit kung walang tugon at direktiba na galing sa mga iba't ibang yunit militar na pinapangunahan ng Eastern Mindanao Command (EASTMINCOM), AFP, Joint Task Force Agila (JTF "Agila") at ng 10th Infantry Division, Philippine Army. Bukod pa rito, ang pagkilala at pagtupad ng 534th ECB ng adhikaing pagbabago tungo sa mabuting pamamahala (Good Governance), at kahusayan sa pag-ganap ng mga tungkulin (performance excellence) na kabilang sa mga reforma sa institusyon (institutional reforms) ng Hukbong Katihan ng Pilipinas ay nagdulot ng napakalaking epekto sa patuloy na indibiwal at pangkalahatang pag-ganap ng misyon ng yunit at ng mga kaukulang deriktiba.

Karagdagan pa rito, hangad din ng 534th ecb ang ibayong pagpapalawig ng pagganap nito sa tinatawag na Engineer Support Operations at sa mga tungkuling pagtulong sa gobyerno para sa pambansang pag-unlad (National Development). Napapaloob sa hangaring ito ang pagpapa-unlad ng mga pamayanan, lalung-lalo na sa mga malalayong kanayunan. Ang mga nasabing adhikain ay batay rin sa alituntunin sa pagtataguyod at pagtugon sa Executive Order (EO) 70, o mas kilala sa tawag na, "Institutionalizing the Whole-of-Nation Approach in attaining inclusive and sustainable peace". Kabilang din sa batas na ito ay ang paglikha ng isang pambansang tungkulin upang tapusin ang lokal na armadong labanan (National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, or NTF-ELCAC). Masasabing ang 534th ECB ay may napakalaking bahagi sa pangkalahatang layunin ng eo 70. Kabilang dito ang pagsasagawa ng iba't-ibang Community Support Program (CSP) upang maibsan ang kahirapan sa pamayanan, habang patuloy na sinusugpo ang paglaganap ng terorismo na siyang nagiging pangunahing dahilan ng kahirapan at kawalang-katarungang dinaranas ng mga apektadong mamamayan.

Sa tulong at patuloy na pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan kagaya ng Department of Agriculture (DA). Department of Education (DepEd), Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of Labor and Employment (DOLE), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at maging Local Government Unit (LGU) kung saan ang mga nabanggit ay katuwang ng



534ECB sa pagsulong ng kaunlaran bilang pangkalahatang tugon sa layunin ng EO 70.

Dagdag pa rito, ang 534th ECB ay nagkaroon ng isang bukod tanging programa na tinatawag na Skills Transfer Program (STP) na naglalayon ng pagsasanay sa tropa nito sa mga natatanging kasanayan, kakayahan o ang pagiging dalubhasa sa larangan ng pang-inhinyerong paggawa. Ang mga kasapi ng yunit na ito ay may kasalukuyan nang angking galing na patuloy pang hinuhubog at sinasanay sa tulong ng TESDA upang ang mga sundalong ito ay maging ganap na sertipikadong dalubhasa sa kani-kanilang larangan. Karagdagan pa rito, minabuti ng pamunuan ng batalyon na ang mga dalubhasang kawal na nabanggit ay magbahagi ng kaalaman sa mga mamamayan na nais matuto ng mga iba't ibang uri ng kasanayan habang may ginaganap na proyekto ng pamahalaan malapit mismo sa kanilang sariling lugar. Ilan dito ay resulta ng pakikipag-ugnayan sa mga tagpong ahensiya ng pamahalaang nasyonal at maging ng pamahalaang lokal o LGU. Ang pagpapatuloy na pagpapatupad ng mga programang ito ay mula sa pangkalahatang suporta ng batalyon na nagkakaroon ng magandang epekto sa matagumpay na pagkamit ng hinahangad nating kapayapaan at kaunlaran.

Nagpapatuloy ang Skills Transfer Program (STP) dahilan para magkakaroon ng ambagan ng makinarya at tulong pinansyal mula sa mga iba't-ibang ahensiyang nabanggit para sa kaukulang pangangailangan ng programa. Isa sa mga pangunahing ahensiya ng pamahalan ay ang tesda na kung saan ito ay nakapaglaan ng kasanayang teknikal na nakapaloob ang national certificate or NC na siyang naging susi ng kaalaman sa kasanayan. Pangalawa ay ang "tupad" program sa ilalim ng DOLE na kung saan ito nakapagbibigay ng trabaho at nakapaglaan ng pundo para sa mga manggagagawang nangangailangan ng tulong. Pangatlo ay ang "cash for work" program ng DSWD na ito ay naging tulay upang magkaroon ng hanap-buhay ang mga nawalan ng trabaho dulot ng pandemya.

Maliban dito, ang 534th ECB ay patuloy sa pagpunyagi upang magbigay ng tungkulin sa mapagkawang gawa sa pagtulong sa panahon ng kalamidad (humanitarian assistance and disaster response) na sa kasalukuyan ay nagbibigay ng tulong sa mga naapektuhang kumonidad ng Siargao, Surigao del Norte bunsod ng Bagyong "Odette", mga programang kaakibat sa pambansang kaayusan at kaagapay sa mga programang tulong at mga serbisyo para sa mga ibang hukbo na nasasakupan nito. Ito ay patunay sa pagsasa-puso at dedikasyon ng 534th ECB sa layuning mapaunlad, maging mapayapa, tungo sa magandang bukas para ating bansang Pilipinas.

Sa kabila ng kinakaharap na krisis ng kalusugan ang buong daigdig dulot ng Covid-19, ang Hukbong Katihan ng Pilipinas



at maging nang pamunuan ng 534th ECB, 52nd EBde, PA, na pinamumunuan ni LTC ROMEO A POLINAR CE (GSC) PA, ay patuloy na naglilingkod ng tapat at may karangalan sa paghahatid ng tunay na serbisyo sa pakikipag-isa ng mga pamayanan at mga bayang nasasakupan nito. Gayunpaman, masasabing sa kabila ng tagumpay ng mga programa at proyektong ito ay pangunahing bunga rin ng kasalukuyang mga pagbabago at repormang dulot ng Army Transformation Roadmap (ATR). Nagagawang maituon ng 534th ECB ang karamihan ng kanyang attention sa mas relatibong programa at proyekto dahil ang yunit ay nagawa nang maisaayos ang mga pang-internal na proseso (internal processes) tungo sa mabuting pamamahala (good governance), at kahusayan sa pagganap ng mga tungkulin (perfomance excellence) na kung saan, ang 534th ECB ay nasa "Proficient" batay sa kasalukuyang Army Governance Pathway (AGP) status.

Ang 534th ECB ay katuwang ng Hukbong Katihan sa ika-isang daan at dalawampu't limang taong walang humpay na paglilingkod sa sambayanang Pilipino na may adhikaing pananaw ng luntiang pagbabago at sa pagtataguyod ng Army Transformation Roadmap (ATR).

Mabuhay ang Pilipinas, mabuhay ang Hukbong Katihan at mabuhay ang pangkat ng Inhinyerong Kawal.





# Bulig Leyte: Bayanihan at Kapayapaan sa mga Nasalanta ng Bagyong Odette

Mr Irvin A Escobar, CivHR

Ang Super Typhoon Odette na may internasyonal na pangalang 'Rai' ay panlabing-lima na bagyo na tumama sa bansang Pilipinas sa taong 2021. Ito ay may lakas ng hangin na aabot sa 185 kilometro kada oras malapit sa gitna at bugso ng hangin na aabot hanggang 230 kilometro kada oras. Ito ay unang naglandfall sa Siargao Island noong Disyembre 15, 2021 at nanalasa sa Eastern Visayas, Western Visayas, Central Visayas at Palawan.

Bago pa man manalasa ang bagyong Odette, ang 8th Infantry 'Stormtroopers' Division ay nakikipag-ugnayan na sa mga Disaster Risk Reduction and Management Office (DRRMOs) ng probinsiya at munisipyo upang matiyak ang kaligtasan ng ating mga kababayan lalo na sa mga High Risk Area's. Ang 8ID ay naka-red alert na para sa Humanitarian Assistance and Disaster Response (HADR) mission. Ang ating mga kasundaluhan at first responders ay nakatalaga na sa LGUs para tumulong sa gagawing pre-emptive evacuation at magbigay abiso sa ating mga kababayan.

Sa lakas ng Bagyong Odette, labing-walo (18) na bayan at ang siyudad ng Maasin City sa Sourhern Leyte ang lubhang naapektuhan at labis na nasalanta ng bagyong Odette. Dahil sa lawak ng pinsala ng bagyo labis na naapektuhan at nasira din ng pangkabuhayan ng ating mga kababayan, kasama na din dito ang malawakang pagkasira ng linya ng kuryente at tubig, pagbagsak ng serbisyong pang-komunikasyon at pagkasira ng mga kabahayan. Sa laki ng pinsala sa probinsiya, ang lokal na pamahalaan ay nanawagan ng agarang tulong mula sa National Government.

Bilang tugon, ang Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict (RTF8-ELCAC) katuwang ang AFP's Joint Task Force 'Storm' (JTF Storm)-Army, Air Force at Navy ay nagsanib puwersa na tulungan ang mga naging biktima ng bagyong 'Odette' sa Southern Leyte sa pamamagitan ng kawanggawa na binansagang 'Bulig Leyte.'

Ang 1st wave ng Relief at Rehabilitation missions ay pagbibigay ng mga relief goods, tubig na maiinom, pagkain at damit sa mga kababyan. Maraming ring international at local organizations, at iba't-ibang ahensya ng gobyerno ang agad na nagbigay ng tulong, may mga nagbigay ng maiinom na tubig, pagkain, damit at iba pang relief goods. Ang ating kasundaluhan naman ay tumulong rin sa pamimigay ng mga relief goods sa siyudad at bayan ng Southern Leyte.

Bilang bahagi ng 2nd wave ng Relief at Rehabilitation missions, ang JTF 'Storm' ay bumuo ng dalawampu't walong (28) carpentry teams upang tulungan at alalayan ang Local Government Unit (LGU) ng Southern Leyte sa pagkumpuni ng mga tirahan ng ating mg kababayan na labis na nasalanta ng bagyo. Sila ay pormal na ipinadala mula sa punong himpilan ng JTF Storm ng Catbalogan City, Samar noong Disyembre 21, 2021 bilang bahagi ng Rehabilitation Mission ng RTF8 ELCAC at 'Bulig, Leyte.'

Ang Panday ng Silangang Bisayas (Carpenters of Eastern Visayas) ay hindi mga Army Engineers bagkus sila ay mga carpentry-skilled foot soldiers na may misyon na kumpunihin ang mga nasirang tahanan ng ating mga kababayan at tumulong sa pag-alis ng mga nagbagsakang mga poste ng kuryente at malalaking kahoy na nakaharang sa daanan at bumagsak sa mga kabahayan. Sa halip na isyung baril ang kanilang bitbit, pansamantala silang hahawak ng mga martilyo, chain saw, pala at karaniwang gamit pangkarpintero. Bilang temporaryong pangunang tugon habang inaantay ang malaking tulong ng pamahalaan para sa Silangang Bisayas.

Ayon sa tala ng Task Force Bulig Leyte mula Disyembre 17, 2021 hanggang February 25, 2022. Ang Panday ng Silangang Bisayas ay nakapagkumpuni ng mahigit 139 na mga tahanan sa Limasawa, San Ricardo, San Francisco, Sogod, Maasin kasama na dito ang ilang paaralan gaya ng Tam-is Elementary School (Maasin City), Marayag National High School (San Francisco) at ang simbahan ng March of the Faith Church (Barangay Magallanes, Limasawa).

Sa San Ricardo, Leyte malaki ang pasasalamat ng isang residente ng Barangay Population na si Ginang Neneng Vestal sa carpentry teams na nagkumpuni ng bubong ng kanyang tahanan ayon pa sa kanya, "Salamat sa gobyerno at nagpadala ng mga sundalo dito sa aming lugar, paano na lang kung wala sila? Matutulog na naman kaming babad sa hamog at basa sa ulan. Salamat at hindi ninyo kami pinabayaan."

Ang Task Force 'Bulig Leyte' ay pagpapakita ng pagpapahalaga ng inyong kasundaluhan katuwang ang mga partner stakeholders nito sa ating mga kababayan na nasalanta ng bagyo. Upang ipamalas sa ating mamayan ang diwa ng bayanihan at pagdamay sa oras ng kalamidad. Ito ay magsisilbing liwanag at pag-asa sa ating mga kababayang labis na naapektuhan na bumangon muli. Hangad ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas na sa maliit na paraan ay mabigyan kaagad ng tulong ang mga nasalanta ng bagyo upang maibsan ang dagok na kanilang pinagdadaanan at madama nila na hindi sila pinababayaan ng ating pamahalaan sa oras ng kanilang pangagailangan.

Sa kawanggawa na ito ng mga kasundaluhan, ito ay magdadag tingkad o kulay sa mga nagawa at gagawin pa ng Hukbong Katihan ng Pilipinas at ng Sandatahang Lakas sa pagtupad ng mandato nito na paglingkuran ang mga tao at pambansang seguridad, na maipamalas ang kakayahan nito at mga pagsisikap sa pagbabago sa hamon ng panahon na mapanatili ang kapayapaan sa puso at isipan ng bawat mamayan mula Luzon, Visayas at Mindanao man. At kilalanin ang mga kontribusyon ng mga stakeholders sa pagkamit ng misyon ng Army sa loob ng 125 na taon. Tunay nga na masasabi natin, na sa pagtutulungan ng bawat isa, makakamtan natin ang *'Kapayapaan Para Sa Lahat'*.










# Army Transformation Roadmap: *Hiraya Manawari!*

ni Mark Joseph P Gregorio

Hiraya Manawari, isang lumang Pilipinong parirala na nangangahulugang naway mangyari ang pinapangarap na bukas at mga minimithi. Mula sa mga kambal salitang haraya na ang ibig sabihin ay "kakayanan ng utak na bumuo ng anumang wala o hindi angkin at nararanasan, imahinasyon o kakayanang mangarap" at manawari na nangangahulugang "naway mangyari". Ito ang hinahangad na maabot ng Hukbong Sandatahan sa nasimulang Army Transformation Roadmap (ATR).

Ano ang Army Transformation Roadmap? Bakit ito ipinatupad at bakit ito kailangang suportahan, hindi lamang ng mga kasapi ng Hukbong Sandatahan ngunit ng buong mamamayan?

Ang Army Transformation Roadmap o mas kilala sa salitang ATR ay nagsimula ng taong 2010. Kinapapalooban ito ng pangako ng Hukbong Sandatahan na ituloy ang reporma at pagbabagong nakabatay sa mabuting pamamahala at kahusayan sa pagganap. Minsang nawika ni LT GEN ROMEO S BRAWNER JR Commanding General, Philippine Army (CGPA), "The Army, guided by servant leadership, will be well-led. With the well-being of our subordinates always in mind, leaders are expected to lead and serve simultaneously. Servant leadership will naturally have the ripple effect down to the lowest echelons and radiate to the communities. As we are about to enter the final base camp of our transformation roadmap, we need to be clear on where to focus our energy and resources. Always keeping in mind that we are expected to be able to generate and sustain world-class ground forces." Ang tinurang ito ng nakakataas na pinuno ng Sandatahang Lakas ay nagpapatunay kung gaano kahalaga ang nasabing programa at kung gaano ka importante na hindi mawala sa tinatahak na daan ng pagbabago ang mga unipormadong hanay.

Ang Army Transformation Roadmap (ATR) ay isang pangmatagalan, labing walong (18) taong pagbabago at programa sa pamamahala. Itinuturo nito sa Hukbong Sandatahan ang mga kinakailangang pagbabago upang mas mapabuti ang pagsasakatuparan ng gawain. Ang pangunahing layunin nito ay gawing isang kapani-paniwala, maaasahan, mas may kakayahan, at mas propesyonal ang Hukbong Sandatahan na nakatuon sa mandato nitong paglingkuran ang mga mamamayang Pilipino at pangalagaan ang teritoryo ng ating bansa. Ang ATR ay nagsasangkot ng pagbabago sa isang bagay na mas mabuti at mas kapaki-pakinabang. Kaya kailangang magbago ang Hukbong Sandatahan ay upang maisakatuparan ang bisyon o paglalarawan nito sa 2028 na maging "Isang World-Class Army na pinagmumulan ng pambansang pagmamalaki". Ang pangunahing layunin kung bakit itoy ipinatupad ay upang gawing mas may kakayahang tumugon, at mas maaasahang organanisasyon ang Hukbong Sandatahan. Itinataguyod nito ang isang hukbo na nakatuon sa institusyon sa halip na mga personalidad. Isinasaalang-alang ang mga pangmatagalang estratehiya at nilalapitan ang lahat ng bagay mula sa isang perspektibo ng sistema upang matugunan ang magkakaugnay na mga priyoridad sa halip na iisang isyu.

Ang Army Transformation Roadmap (ATR) ay nagbibigay ng isang napapanatili



at komprehensibong plano upang matugunan ang iba't ibang mga isyu na nakakaapekto sa organisasyon at ang pag-akyat nito patungo sa inaasam nitong hinaharap. Hindi nito kaagad at direktang nireresolba ang mga kasalukuyang problema. Gayunpaman, tinutugunan ng ATR ang mga kinakailangang hakbang na isasagawa upang makapagbigay ng mga napapanatiling solusyon sa mga problemang kinakaharap. Kailangan nating suportahan ang ATR dahil ito ang ating puhunan para sa ating hinaharap. Hangga't pinahahalagahan ng Hukbong Sandatahan ang kahalagahan ng pangkalahatang kilusan tungo sa pagbabago at alam ng lahat na ang mabuting pamamahala ay nagsisimula sa bawat indibidwal, naniniwala ang organisasyon na ang lahat ng kanyang mithiin at adhikain ay kayang abutin.

Sa kasalukuyan, patuloy na napapagtagumpayan ng Hukbong Sandatahan ang mga naisin ng Army Transformation Roadmap. Ang organisasyon at ang mga miyembro nito mula sa pinaka nakakababa hanggang sa nakakataas ay patuloy na umaangat pagdating sa disiplina, integridad, didikasyon sa trabaho at pakikipag kapwa tao. Ang puso at kaisipan ng mamayang Pilipino ay patuloy ding nahahalina ng kanyang kasundaluhan dahil kanilang nakita ang tunay at tapat na hangarin nito na pagkaka-isa at sabay-sabay na pag-unlad. Lalong humihina ang insurhensiya sa buong bansa dahil nawala na ang suporta sa mga makakaliwa at teroristang CPP-NPA. Patuloy ring dumadami ang mga kasapi nilang nalinlang ng propaganda ang sumusuko at nagbabalik loob. Marami na ang nakinabang sa ibat-ibang programang pang kabuhayan, pang kaunlaran at pagbabagong buhay ng pamahalaan. Unti-unti nang namumulat ang mamamayan lalong lalo na ang mga kabataan sa mga kasinungalingan at panlilinlang ng tunay na berdugo ng bayan. Ang modernisasyon ng Sandatahang Lakas sa pamamagitan ng probisyon ng mga makabagong kagamitan at sasakyang pang himpapawid at pangdagat ay naisasakatuparan kung kayat mas lalo itong naging epektibo sa pagsagawa ng kanyang mga misyon at tungkulin sa mamayan. Ngayon, tunay ngang hindi nag-iisa ang Sandatahang Lakas dahil sama-sama, kapit bisig at buklod buklod ang lahat ng sangay ng gobyerno kasama ang mga sundalo at sambayanang Pilipino sa pag-abot sa iisang mithiin. Ang mithiin ng tunay na kapayapaan at pag-unlad ng buong bansa, ang mahal nating Pilipinas.

Sa pagsimula ng bagong yugto ng Hukbong Sandatahan, lubos ang pag-asang magpapatuloy ang mga nasimulan at napag-tagumpayan. Hinihikayat ang lahat na huwag mag pabaya at huwag sayangin ang pinaghirapang abutin. Ang lahat ay hinihikayat na makibahagi, makipagtulungan at makiisa upang mas lalong tumayog ang mga pangarap na naaabot at mas lalong lumawak ang mga kaunlarang tinatamasa natin. Mahaba-haba pa ang paglalakbay na gigiyahin ng ating Army Transformation Roadmap subalit, ang lahat ay makakaasa na ang inyong Hukbong Sandatahan ay lalo pang pag-iigihan at pagbubutihin ang kanyang kakayanan. Sa kabilang banda, muling binibigyang diin na ang suporta ng mamamayang Pilipino ay lubos ding kinakailangan. Naway hindi maramdaman ng inyong unipormadong hanay na sila ay nag iisa.

Ang katuparan ng ating pangarap ay abot kamay at nalalapit na. Patong- patong at ibat-ibang pagsubok man ang ating kailangan pang harapin, hawak kamay nating supilin ang lahat ng mga balakid na darating. Sabay-sabay nating tamasain ang tagumpay na kakamtin. Huwag nating susukuan ang ating nasimulan at ang ating mga nais puntahan. Huwag mawawalan ng pag-asa at laging isiping ang Dakilang Maykapal sa ating tabi naka subaybay at naka suporta. Sa patuloy na nangangarap at nagsusumikap upang maisakatuparan ang isang maliwanag na hinaharap, ito ang huling dalangin at sasambitin, Hiraya Manawari!





# Ligtas sa Kalinga ng Kalaban:
# Ang Paghahangad ng Kapayapaan

Akda ng 10th Infantry (AGILA) Division, Philippine Army

Taliwas sa limang taong paniniwala ng dating lider ng New People's Army na si Daniel Dellosa alyas Axel, ang kasundaluhang tinuring niyang kalaban ay ang mismong grupong kumalinga at nagdugtong ng kanyang buhay mula sa bingit ng kamatayan.




Kwentong ibinahagi ni John Paul Seniel ukol sa pagliligtas ng mga kasundaluhan sa buhay ng NPA leader na si Daniel "Axel" Dellosa matapos iwanan na sugatan ng mga kasamahang rebelde sa gitna ng engkwentro.

*"Huwag kang matulog, idilat mo ang iyong mga mata,"* ito ang mga katagang isinisigaw ng mga kasundaluhang nais iligtas ang buhay ng 23 taong gulang na si Axel, tubong Sorsogon, matapos mag-agaw buhay at iwanan ng mga kasamahang rebelde sa Sitio Barigyan, Brgy. Golden Valley, Mabini, Davao de Oro noong ika-19 ng Disyembre, taong 2021.

Ang kanyang kuwento at pagsuko sa 48th Infantry (Guardians) Battalion ay lumabas sa mga pampublikong balita at eksklusibong nailathala sa social media channel na i-Docu ng manunulat at mamamahayag na si John Paul Seniel.

Mapapanood sa video ang paglapat ng paunang lunas ng kasundaluhan ng 48IB kay Dellosa. Dito mapapaisip ka kung paano inililigtas ng mga sundalo ang isang sugatang NPA na sa mga panahong iyon ay isa palang Execom at may mataas na katungkulan sa Southern Mindanao Regional Committee (SMRC). Sa kabila ng pagiging kalaban ng estado na siyang tinutugis ng batas, pag-asa at malasakit ang sumalubong kay Dellosa sa kamay ng kasundaluhang matagal na niyang kinamuhian at kinalaban.

Ito ay bukod tanging nagpapatunay na ang ating kasundaluhan ay sumasalamin sa pantay na pagkilala ng karapatang pangtao – sibilyan man o rebelde, na sa halip na saktan at gantihan, pagkalinga ang ipinakitang kalooban sa sugatang rebeldeng si Dellosa.



Pagbisita ng magulang ni Axel habang ito ay nagpapagaling sa loob ng 10ID Station Hospital sa Camp Gen. Manuel T Yan Sr., Tuboran, Mawab, Davao de Oro.

Nakapanayam ng dokumentarista si Ka Axel, at sa kuwento nya ay nagdadalawang isip sya baka patayin siya ng mga sundalo habang nagtatago at sugatan dahil sa tama ng bala, kaya nagmanman muna siya ng mga ilang minuto bago tuluyang nagpakita sa mga sundalo mula sa kanyang pagkukubli. May takot mang bumabalot sa kanyang isipan nang mga oras na iyon, ay buong tapang niyang hinarap ang mga sundalong itinuturing niyang kalaban. *"Naramdaman ko naman na totoo talaga ang pagtulong nila sa akin"*, kanyang nabanggit habang patuloy siyang nagpapahayag ng kanyang pasasalamat. Nais niyang makitang muli ang mga sundalong nagligtas sa kanya upang magkakuwentuhan sa kanilang mga naging karanasan.

Dagdag pa niya, makikita na ang sitwasyon ay pabor sa mga kasundaluhan noong panahong iyon ngunit nangibabaw pa rin sa kanila ang pagtulong sa kapwa na hindi tiningnan kung ano ang estado at nakaraang gawi ng kanilang kalaban. Nagpapatunay lamang na ang Philippine Army ay matagumpay sa pagbuo at pagpapatupad ng Army Transformation

Roadmap o ATR sa pamamagitan ng pagbibigay gabay at patnubay sa mga kasundaluhan na handang maglingkod at tumulong upang mapanatili ang kapayapaan tungo sa kaunlaran ng ating bayan.

Nitong Pebrero ay nagpadala ng mensahe sa Documentary Channel ang tatay ni Ka Axel, ipinaaabot niya ang kanyang taos-pusong pasasalamat at paghanga sa buong Philippine Army lalo na sa 48th Infantry Battalion dahil binuhay at niligtas nila ang kanilang Unico Hijo. Panganay si Axel sa apat na magkakapatid.

Kabilang si Axel sa limampu't dalawang NPA na nahuli dahil sa mga inilunsad na mga operasyon ng 10ID lalo na sa paglunsad ng mga Focused Military Operations (FMO) na umabot ng tatlumpo't tatlong engkuwentro sa nasasakupang mga lugar. Masakit mang isipin na kapwa Pilipino ang magkatunggali subalit hindi nagpatinag sa emosyon ang mga sundalo ng 10ID sa pagganap ng kanilang tungkulin, patuloy sila sa paghahanap sa mga naging kalaban ng bayan na napariwara sa ibang landas, at naging patunay si Axel sa mga naging kataga ni George Orwell, isang Nobelistang Ingles, na siya namang pinanindigan ng 10ID na *"Hindi namin winawasak ang aming kaaway, bagkus, binabago namin sila"*.




Mula sa Police Report na na i-post online, naibalita ang pagkasawi ni "Bok" bilang pinakamataas na opisyal ng NPA sa Mindanao.

Dahil sa FMO na ito, maraming nahuling NPA ang 10ID kung saan siyam ang hindi pinalad na mabuhay. Kabilang dito ang isang pinakamataas na opisyal ng NPA National Operations Command, ang kanilang Commanding Officer na si Menandro Villanueva alias "Ka Bok" na napaslang noong ika-5 ng Enero, taong 2022.

Samantala, ang mga sumukong regular na NPA na umabot ng dalawang daan at labing apat ay masuwerte namang nabigyan ng pangalawang pagkakataon na mabuhay ng matiwasay at walang kinakatakutang gyera. Kaya malaki ang pagpapasalamat ng menor de edad na dating NPA na si *Ka Mayet* mula sa tribung Ata Manobo ng Kapalong sa Davao del Norte na sumuko siya sa pamahalaan.





Kinilala ni Ka Mandy, Secretary ng Sub-Regional Committee 5, SMRC ang magandang nagagawa ng gobyerno para sa kapayaan at kaunlaran.

Si Ida Marie Montero naman o mas kilala bilang si Alias Mandy Secretary ng Sub-Regional Committee 5 ng SMRC- NPA ay kinikilala ang magandang nagagawa ng gobyerno sa kanayonan at ang paghina ng kanilang puwersa laban sa mas pinapalakas na Philippine Army.

*"Wala na talaga kaming Baseng Masa"*, ito ang nasabi niya noong ika 17 ng Enero 2022 sa isang media conference sa Camp Manuel T. Yan Sr. sa 10ID nang idineklara nang lusaw ang kanilang pinanghahawakan noon na Sub-Regional Committee 5. Kaya apat na lamang ang natitirang SRCs mayroon sa SMRC.

Sa buong 10ID ay umabot ng 108 na sakop ng Milisyang Bayan ang sumuko sa pamahalaan. Samantala, nasa 287 armas at 65 improvised explosive device ng NPA ang narekober ng 10ID habang nasa 57 namang encampment ang kanilang nagapi. Sa kabuuan, umabot sa 393 CTGs ang na neutralisa ng 10ID kabilang ang kinokonsiderang High Value Individuals ay umabot sa 113.

Nagbibigay pugay ang buong 10ID sa kanilang dating kumander na ngayo'y kumander ng Northern Luzon Command ng AFP na si LTGEN ERNESTO TORRES JR dahil sa subsob nitong pagtutok sa mga misyon ng 10ID, kaya naman, sa ilalim ng kanyang pamumuno ay kanilang naisakatuparan ang iba't ibang pamamaraan sa pagkamit ng kanilang mithiin at tagumpay.



Larawan ng dating kumander ng 10ID na kasalukuyang namumuno sa NOLCOM, LTGEN ERNESTO C TORRES JR PA.

Katuwang sa naging epektibong operasyon ng ating mga kasundaluhan ay ang patuloy na suporta ng ibat-ibang ahensiya ng ating gobyerno na bumuo at namahala sa mga direktibang hikayatin ang

komunidad na huwag pahintulutan o magpasailalaim sa mga rebelde na gamitin sila upang pabagsakin ang gobyernong totoong naglilingkod sa taong bayan.

Sa taong 2016, sa pagkakaupo ni Presidente Rodrigo Duterte ay nasa 17 Guerilla Fronts at anim na Pulang Bagani Companies ang kinakaharap ng nasabing command, pero ngayon nasa limang Guerilla Fronts at dalawang Sub-Regional Guerilla Units na lamang ang natitira. Nitong taong 2022, ang limang Sub-Regional Committees ng SMRC ay nabawasan na ng isa matapos malusaw ang buong SRC5.

Hindi lamang paggapi sa mga armadong grupong NPA ang tanging solusyon sa pagpupulbos ng Komunismo Terorismo sa bansa, sa pamumuno ni Presidente Duterte, naibaba nito ang Whole of Nation Approach to End Local Communist Armed Conflict at naipatupad ang mga programa nito sa pamamagitan ng binuong National Task Force at mga Regional, Provincial at Municipal Task Forces. Katuwang ng mga task forces na ito ang 10ID sa lahat ng aktibidad at proyektong naisakayuparan.



Groundbreaking Ceremony ng 27.2 kilometrong maliit na kalsada na tinatawag na panpan ng mga katutubo sa So. Nasilaban, Talaingod, Davao del Norte.

Ang Community Support Program (CSP) sa pamamagitan ng Community Development teams ay siyang naging daan ng NTF ELCAC sa pagpatupad ng proyekto sa malalayong komunidad. Isa sa mga naging benepisyaryo ng pinagsanib na puwersa ng NTF ELCAC at CSP-CDT ay ang mga malalayong komunidad ng Talaingod sa Davao del Norte. Sa huling kuwarter ng 2021 sa pangunguna ng 1003rd Infantry Brigade ay naipatupad ang PANPAN Project o paggawa ng kalsada na madadaanan kahit ng single na motorsiklo upang ang mga komunidad na ito ay maiibsan sa kanilang paghihirap sa pagpapalabas ng kanilang mga produkto. Ang mga sitio na madadaanan sa mahigit 27 kilometrong daan ay pawang mga baseng masa ng NPA. Dahil sa PANPAN Project na ito ay sumuko ang 13 NPA na pawang mga sakop ng Ata Manobo Tribe.

Ang Sitio Latil naman ng Brgy. Abnate sa Kiblawan, Davao del Sur na dating target reference ng close air support at fire support ng kasundalohan ay naging insurgency-free na dahil sa subsob din na pagpapatupad ng CSP. Setyembre sa taong 2021 ay napailawan na ang kanilang mga bahay at daan, at sa unang pagkakataon ay nabisita na rin sila ng doktor mula sa National Commission on Indigenous Peoples. Kahit wala pang paaralan sa lugar na ito, sa pagtutulungan ng Alpha Company ng 39th Infantry Battalion at Department of Education Davao del Sur ay naipatupad ang Tutorial Program sa mga bata kasama ang Teacher Volunteers ng Youth For Peace Movement TALBOS Davao del Sur Chapter.




Ang Youth for Peace (YFP) ay grupo ng mga kabataan para sa adbokasiya ng kapayapaan.




101 IPs ang nailigtas ng kasundaluhan at LGU Talaingod mula sa UCCP Haran sa Cebu City.

Naging tambayan ng mga sugatang NPA, mga katutubong kandidato sa pagiging NPA at mga ralyista ang UCCP Haran sa Davao City. Ito'y naging saksi sa pighati ng mga katutubong nagagamit upang maabante ng CPP-NPA ang kanilang plano sa pagpapabagsak ng kasalukuyang gobyerno. Ngunit nitong mga huling araw dala ng Whole-of-Nation approach ng administrasyong Duterte ay humina ang Haran kaya niligtas ang karamihan sa kanila ng mga sundalo ng 10ID at ng iba't ibang local government units, umabot sa 101 sa kanila ang nakabalik na sa kanilang komunidad at naalalayan pa ng livelihood programs at pabahay.

Upang mapanatili ang kaayusan at paglaganap ng kaunlaran sa mga lugar na iniwan na ng NPA at tuluyan na nilang lisanin ang mga komunidad ay lumikha ng labing apat na Advance Command Posts at tatlong Forward Operating Detachments ang 10ID para sa mga lugar na nasa lalawigan ng Davao del Norte, Bukidnon, Cotabato, Davao de Oro, Davao Oriental, Agusan del Sur at Davao City.

Dahil maraming miyembro ng NPA ang sumuko, nararapat lamang na sila'y mamuhay muli sa isang mapayapa at tapat na pagsulong ng kaunlaran sa kanilang bawat pamayanan, kaya naman, walang tigil sa pagtulong ang 10ID sa pagbuo ng mga People's Organization upang ito ang paglalagakan ng tulong ng gobyerno. Kaakibat naman ng 10ID dito ang iba't ibang local government units sa kanilang AOR. Bawat

battalion at brigade naman ay naatasang i-monitor ang mga People's Organization na ito lalo pa't nagawa din ng 10ID ang Monitoring Center ng mga ito.

Bukod sa mga programang nakakatulong sa mga tao sa malalayong pamayanan ay tinutukan din ng 10ID ang pagpapalakas nito sa kanyang nasasakupan. Nandiyan ang Monthly Accounting CAA Biometric System, ito'y upang magamit ng tama ang resources ng gobyerno at ang kanyang mga force multipliers. Isinilang din ang CAA Livelihood Program.

Kaakibat ng programang pinapalaganap ng 10ID (Agila) Dibisyon ay pagpapatupad ng Army Transformation Roadmap na may layuning magkaroon ng pagbabago ang hanay ng mga kasundaluhan. Disiplina, pakikipagkapwa at tapat na serbisyo ay kabilang sa layunin ng ATR upang maging "World Class Army" at maging "Center of Excellence in combatting insurgency" ang Philippine Army.

Mahalaga ang implementasyon ng ATR sa mga kasundaluhan sapagkat nahikayat sila na magkaroon ng batayan sa kani-kanilang pamamaraan ng pagbibigay serbisyo, pagtulong sa kapwa at pagpapanatili ng kapayapaan sa bawat lugar na kanilang nsasakupan.

Kabilang din sa programa ng ATR ang pagpapalakas at pag modernize ng kagamitan at kaalaman sa pagsasanay sa larangan ng pakikidigma sa loob ng Dibisyon. Sa larangan ng Public Affairs ay ang pagsasanay kung paano maging isang ganap na Military Journalist upang maipalaganap ang mga pangyayari sa nasasakupan ng 10ID. Umabot sa mahigit tatlumpo ang sinanay na Agila Troopers ng Mindanao Broadcast Journalist na si John Paul Seniel sa larangan ng pagbabalita.




Ang Agila News Network (ANN) ng 10ID ay naghahatid ng mga balitang pangkaunlaran at pangkapayapaan sa masa.

Isa ito sa Best Pratices ng dibisyon na tumatak sa mga mamayan na nag resulta ng mahahahalaga at positibong kuwento sa AOR ng 10ID lalo na ang kuwentong may kinalaman sa pag-unlad ng bawat komunidad dahil sa kilos at malasakit ng buong gobyerno na siyang naibabalita ng mga Military Journalists. Habang sinusulat ang artikulong ito ay umabot na sa 39 episodes mayroon ang Banner News Online News Program nito na ANN o Agila News Network na pinangungunahan ng Chief nitong si CPT MARK ANTHONY TITO at mga nasasakupang nilang sina Mark Lim, Louie Angchay at Jirah Saldana.



Binigyang diin ni MGEN NOLASCO A MEMPIN JR PA, Commander, 10ID ang adhikaing pagtibayin ang pagsunod sa Army Transformation Roadmap (ATR) upang maging gabay ng 10ID sa pagkamit ng misyon nitong pangkapayapaan at pangkaunlaran.

Nangako naman ang bagong kumander ng 10ID na si MGEN NOLASCO A MEMPIN PA na ipagpatuloy ang mga naumpisahang mga programa bilang bagong pinuno ng hukbong Agila. Si MGEN Mempin ay dating Chief, Governance and Strategy Management Office ng Agila Dibisyon at isa sa kanyang pangunahing layunin ay maging gabay ang Army Transformation Roadmap sa patuloy na pagpapatupad ng mga programang pang edukasyon, pangkalusugan at pagpapalakas ng kanyang hukbong nasasakupan. Sinisiguro niyang gawing batayan ang ATR sa mga isinasagawang Focus Military Operation upang maisakatuparan ang minimithing kapayapaan sa lugar na kanyang nasasakupan.

Binigyang diin niya na kapayapaan ang tanging hangad ng mga kasundaluhan sapagkat ito ang daan upang magkaroon ng mapayapa at maunlad na bayan. Ang pagiging magalang, disiplinado at makatao ng ating mga kasundaluhan ay epektibong instrumento upang mapanatili ang tiwala at respeto ng mga mamamayan. Gayundin ang pagtulong at pagbibigay ng maayos na serbisyo sa kumunidad sa panahon ng pangangailangan, maging ang pinaigting na paglaban sa insurhensiya ay nagpapatunay lamang na ang mga kasundaluhan ay seryoso sa kanilang adhikaing makamit ang tunay na kapayapaan.

Samantala, ang ANN ay nakatakdang magsagawa ng special coverage sa reunion ni Daniel Dellosa at sa kanyang mga tagapagligtas na mga tropa ng 48th Infantry Battalion. Ibig ng Philippine Army na maisakatuparan nito ang hiling ng nooy dating NPA na naligaw ng paniniwala at landas, at ngayon ay bumabalik na sa daan kung saan naroroon ang tamang pag-unlad, kapayapaan at katahimikan dala ng pagsisikap ng lahat ng bumubuo ng 10th Infantry "AGILA" Division.

**By 2028, a world-class Army that is a source of national pride.**

2028++
atrGO
GOES ONLINE

PGS
PERFORMANCE GOVERNANCE SYSTEM
INSTITUTIONALIZED
2014

ISLANDS of GOOD GOVERNANCE
2015

PALLADIUM
BALANCED SCORECARD HALL OF FAME®
2018